San Francisco Department of Public Health

Gabay

Impormasyon para sa Mga Pamilya Tungkol sa Pag-aatas ng Pagsusuri para sa SARS-CoV-2 (COVID-19) sa Lahat ng Pumanaw na Indibidwal sa Lungsod at County ng San Francisco

NA-UPDATE NOONG Hunyo 26, 2020

Kung susuriin ang iyong mahal sa buhay, ano ang kailangan mong malaman?

- Noong Hunyo 25, 2020, inilabas ang Health Officer Order No. C19-14 (Utos ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-14) sa San Francisco. Iniaatas nitong suriin ang mga indibidwal na pumanaw kamakailan para sa COVID-19.
- Hihilingin sa iyong magbigay ng email o numero ng telepono para makaugnayan ka kung positibo ang magiging resulta ng pagsusuri.
- Kung positibo ang magiging resulta, makikipag-ugnayan sa iyo ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan bilang bahagi ng kanilang programa sa contact tracing. Hindi makikipag-ugnayan sa iyo kung negatibo ang resulta.

AUDIENCE: Mga kapamilya, mahal sa buhay, o tagapag-alaga ng mga indibidwal na pumanaw kamakailan.

BACKGROUND: Noong Hunyo 25, 2020, inilabas ang Health Officer Order No. C19-14 (Utos ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-14) na nag-aatas na gawing mandatoryo ang pagsusuri ng mga indibidwal na pumanaw kamakailan para sa SARS-CoV-2. Kasabay ng pagpapatuloy ng pandemya sa Lungsod at County ng San Francisco, mahalagang makatuklas ng maraming impormasyon hangga't posible tungkol sa pagkalat ng virus sa komunidad.

Mga Madalas Itanong

Bakit isinasagawa ang pagsusuring ito?
Isa itong mandatoryong Utos ng Opisyal sa Kalusugan na inilabas ng San Francisco. Tutulong ito sa pagkatuto tungkol sa pagkalat ng virus at pagtulong sa mga pamilyang protektahan ang kanilang mga sarili at ang ibang tao.

Puwede ba naming tanggihan ang pagsusuri?
Dahil mandatoryo ang Utos na ito ng Opisyal sa Kalusugan, kailangan itong sundin at hindi ito puwedeng tanggihan.

Ano ang mayroon sa pagsusuri?
Isinasagawa ang pagsusuri para sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapasok ng swab sa ilong para kumuha ng sampol. Gagawin nang may paggalang ang simpleng procedure na ito sa iyong mahal sa buhay.

Paano kung magpositibo sa COVID-19 ang aking mahal sa buhay?
Makikipag-ugnayan lang sa iyo ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan kung positibo ang magiging resulta. Kung makikipag-ugnayan sa iyo, ifa-follow up ka ng isa sa kanilang mga contact tracer para sa mga karagdagang tanong.

Sino ang magbabayad sa pagsusuri?
Babayaran ng Lungsod at County ng San Francisco ang pagsusuri. Pinagbabawalan ng utos ang sinumang pabayaran ang mga singil na nauugnay sa pagsusuri sa pamilya, kamag-anak, o kinatawan ng estado ng pumanaw na indibidwal.

Kailan ko matatanggap ang mga resulta ng pagsusuri?
Aabisuhan ang mga pamilya tungkol sa mga positibong resulta sa loob ng 2-3 araw ng trabaho matapos isagawa ang pagsusuri. Pakitandaang puwede itong matagalan sa mga panahon kung kailan maraming sinusuri. Kung negatibo ang resulta, hindi ka aabisuhan at wala nang iba pang gagawin.

Maaantala ba ng pagsusuring ito ang mga plano ng aming pamilya na maglamay, magpalibing, o ibiyahe ang katawan sa labas ng lungsod?
Hindi ito makakaantala ng mga plano dahil puwedeng gawin ang pagsusuri sa mga oras ng negosyo at pagkatapos din ng mga oras na bukas. Magkakaroon lang ng pagkaantala dahil kailangang gawin ang pagsusuri bago ihanda ang katawan para sa huling hantungan nito. Kung ibibiyahe ang katawan sa labas ng Lungsod, kailangang gawin ang pagsusuri bago gawin ang nasabing pagbiyahe.

Ano ang contact tracing?
Ang contact tracing ay isang programang tumutulong sa pagtukoy sa mga posibleng nakaugnayan ng isang naimpeksyong indibidwal ilang araw bago siya mamatay, kahit walang naging sintomas ang naturang indibidwal. Kung nakaugnayan mo ang isang pumanaw na indibidwal bago siya mamatay, puwedeng makipag-ugnayan sa iyo ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco, na siyang gagabay sa iyo sa mga susunod na hakbang.

Mga Mapagkukunan

Manatiling updated. Mabilis na nagbabago ang impormasyon. Makakakita ng mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan sa:

- **Mga mapagkukunan para sa paglalamay**
  - https://www.ucsfhealth.org/education/bereavement-resources-and-services
- **Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH)**
  - Mga pangkalahatang pag-iingat para sa pag-iwas sa sakit
    - https://www.sfcdcp.org/covid19

- Mga Madalas Itanong ng Publiko Tungkol sa Mga Direktiba sa Pag-isolate at Pag-quarantine ng San Francisco para sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan
  - https://www.sfcdcp.org/wp-content/uploads/2020/05/COVID19-FAQ-IQ-Public-FINAL-05.14.2020.pdf
- Contact tracing
  - https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/faq.html#Contact-Tracing